


Ang Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening)


Ano ang Tama para sa Iyo?



Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko

I. Panimula

Ang pagbubuntis ay maaaring magdulot ng kagalakan, gayundin ng takot, stress, at kawalan ng katiyakan tungkol sa hinaharap. Ang ilang mga umaasang maging magulang ay gustong malaman hangga't maaari tungkol sa kanilang namumuong sanggol (developing baby) sa panahon ng pagbubuntis.



Kung gagawin mo man o hindi ang pagsusuri bago manganak, ito ay **desisyon mo**. Dapat talakayin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa prenatal ang impormasyong ito at ang iyong mga opsyon sa iyo nang maaga sa iyong pagbubuntis.

Ipinapaliwanag ng buklet na ito ang pagsusuri bago manganak na inaalok sa pamamagitan ng [Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak \(Prenatal Screening\)](http://www.cdph.ca.gov/PNS) (www.cdph.ca.gov/PNS). Ang pagsusuri bago manganak ay isang paraan upang suriin ang iyong sanggol sa sinapupunan sa panahon ng pagbubuntis para sa mga kondisyong genetiko at mga depekto sa kapanganakan.

Kung interesado kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (California Prenatal Screening Program), ang mga kondisyong genetiko at mga depekto sa kapanganakan na sinusuri, ang iyong mga pagpipilian pagkatapos ng screening, at higit pa, mangyaring bisitahin ang [web page ng Prenatal Screening Patient Booklet](https://bit.ly/PNSPatientBooklet) (<https://bit.ly/PNSPatientBooklet>). Sa web page na iyon, makakahanap ka rin ng video na magsasabi sa iyo ng higit pa tungkol sa pagsusuri bago manganak (prenatal screening).



Ano ang nasa loob

I. Panimula	3
II. Ano ang aasahan mula sa Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening Program)	6
III. Pagsusuri at Resulta Bago Manganak	7
IV. Pahintulot at Impormasyon sa Pagtanggì	9
V. Pagsingil at Pagbabayad para sa Pagsusuri	10
VI. Karagdagang Impormasyon	10
VII. Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagiging Paribado	12

Ano ang ginagawa ng Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak? (Prenatal Screening)

Ang Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (California Prenatal Screening Program o PNS) ay isang programa sa buong estado na inaalok ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis sa lahat ng mga buntis na indibidwal sa California. Ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening) ay gumagamit ng mga sampol ng dugo ng isang buntis na indibidwal upang suriin ang ilang partikular na kondisyon na genetiko at mga depekto sa kapanganakan sa kanilang dinadalang sanggol sa sinapupunan. Ang mga indibidwal na natuklasang may mas mataas na tsansa ng isa sa mga kondisyon o mga depekto sa kanilang sanggol sa sinapupunan ay inaalok ng pagpapayo sa genetiko at iba pang mga panunubaybay na mga serbisyo sa pamamagitan ng Mga Sentro ng Diyagnosis sa Pagbubuntis (Prenatal Diagnosis Centers) na aprubado ng estado.

Ano ang mga genetiko na kondisyon at mga depekto sa kapanganakan?

Ang mga genetiko na kondisyon at mga depekto sa kapanganakan ay maaaring makaapekto sa kalusugan at pag-unlad ng sanggol sa sinapupunan. Ang mga genetiko na kondisyon at mga depekto sa kapanganakan ay nangyayari kung minsan sa hindi inaasahang pagkakataon, o maaaring ito ay naipasa mula sa mga pamilya. Ang Down syndrome at iba pang genetiko na kondisyon na sinusuri ng Programa ng PNS sa isang sanggol sa sinapupunan ay sanhi ng sobra o kulang na mga kromosoma. Ang mga kromosoma ay siyang gumagabay sa pag-unlad ng sanggol sa sinapupunan at matatagpuan sa bawat selula sa katawan.

Pagsusuri ng kalusugan ng sanggol sa sinapupunan bago ipanganak

Kung magpasya kang gawin ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening), maaari kang magbigay ng isa o dalawang sampol ng dugo na nakolekta. Ang bawat sampol ay sinusuri upang malaman kung mayroong **mas malaking pagkakataon** na ang sanggol sa iyong sinapupunan ay may ilang partikular na genetiko na kondisyon o mga depekto sa kapanganakan. Kung may malaking pagkakataon, kakausapin ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis tungkol sa mga susunod na hakbang. Ikaw ang magpapasya kung gusto mo ng karagdagang pagpapayo sa genetiko, isang pagsusuri sa ultrasound, o pagsusuring diyagnostiko.

Paano naiiba ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening) sa diyagnostikong pagsusuri (diagnostic testing)?

Ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening) ay **tinatantya** ang mga posibilidad ng ilang genetiko na kondisyon o mga depekto sa kapanganakan. Kung ang resulta ng iyong pagsusuri bago manganak (prenatal screening) ay nagpapakita ng mas malaking pagkakataon, **ang diyagnostikong pagsusuri (diagnostic testing) ay kailangan para sa isang malinaw na sagot.**



Ano ang Halaga ng Pagsusuri sa Pamamagitan ng Programang PNS?

Maaaring makita ng Programa ng PNS ang mga genetiko na kondisyon o mga depekto ng kapanganakan:

Uri ng mga kondisyon	Pangalan ng mga kondisyon	Deskripsyon
Autosomal trisomies	Trisomy 21 Down syndrome	Ang genetiko na kondisyong ito ay nagdudulot ng banayad hanggang katamtamang mga kapansanan na may kaugnayan sa pag-iisip. Ang Down syndrome ay maaaring magdulot ng malubha ngunit magagamot na mga problema sa kalusugan tulad ng mga depekto sa puso.
	Trisomy 18 Edwards syndrome	Ang mga genetiko na kondisyon na ito ay nagdudulot ng malubhang kapansanan na may kaugnayan sa pag-iisip at malubhang problema sa kalusugan.
	Trisomy 13 Patau syndrome	Ang mga genetiko na kondisyon na ito ay nagdudulot ng malubhang kapansanan na may kaugnayan sa pag-iisip at malubhang problema sa kalusugan.
Mga Depekto sa Kapanganakan	Mga depekto sa neural tube	Ang depekto sa kapanganakan na ito ay nagreresulta mula sa isang problema sa pag-unlad ng utak o utak ng gulugod (spinal cord). Ang mga halimbawa ay anencephaly o spina bifida.
Mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma	Turner syndrome	Ang genetiko na kondisyong ito ay maaaring magdulot ng banayad na pagka-antala sa pag-unlad, mga kapansanan sa pag-aaral o pagkatuto, pagkabansot, pagkabaog, at mga depekto sa puso.
	Klinefelter syndrome (XXY) Trisomy X XYY	Ang mga genetiko na kondisyong ito ay nagdudulot ng mga iba-ibang sintomas depende sa tao. May mga indibidwal na walang kapansin-pansing sintomas. Sa iba, maaaring kabilang sa mga epekto ang mga pagka-antala sa pag-unlad at mga kapansanan sa pag-aaral o pagkatuto. Ang mga indibidwal ay madalas na tumutugon nang maayos sa mga serbisyo ng maagang interbensyon tulad ng terapiya sa pananalita.

Maaaring makaapekto ang ilang genetiko na kondisyon sa iyong pagbubuntis

Ang pagkalaglag ay karaniwan sa mga buntis kapag ang sanggol sa sinapupunan ay may trisomy 18, trisomy 13, at Turner syndrome. Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis tungkol dito.

II. Ano ang Maaasahan Mula sa Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening Program)



PAGTATALAKAY. Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis ay mag-aalok sa iyo ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening) sa pamamagitan ng programang ito. Hindi ito kinakailangan. Ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening) ay tutulong sa iyo na malaman kung ang sanggol sa iyong sinapupunan ay may mas malaking tsansa ng ilang genetiko na kondisyon o mga depekto sa kapanganakan.



Kung pipiliin mong lumahok sa Programa ng California sa Prenatal Screening (PNS) mayroon kang Medi-Cal o pribadong segurong pangkalusugan, sasagutin nila ang mga bayarin para sa pagsusuri na ito, na may ilang mga eksepsyon lamang.



PAHINTULOT. Kung gusto mo ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening), hihilingin sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis na lagdaan ang (mga) form ng pahintulot, isa para sa bawat dalawang pagsusuri (cell-free DNA at maternal serum alpha-fetoprotein). Parehong mahalaga dahil ang mga ito ay nagsusuri para sa iba't ibang kondisyon. Kung ayaw mo ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening), kakailanganin mong lagdaan [ang mga form ng pagtanggap](https://bit.ly/PNS4Providers). (<https://bit.ly/PNS4Providers>).



PAGSURI. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis kung saan ka pupunta upang kolektahin ang iyong dugo para sa (mga) pagsusuri sa pagbubuntis. Ang pangongolekta ng dugo ay maaaring nasa laboratoryo o sa klinika ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis. Para sa bawat pagsusuri, kukuha ang isang kawani ng kaunting dugo mula sa iyong braso at ipapadala ito sa isang laboratoryo.



MAKIPAG-USAP. Makikipag-ugnayan sa iyo ang klinika ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis upang ipaalam sa iyo ang iyong cell-free na DNA at mga resulta ng pagsusuri ng alpha-fetoprotein sa serum ng ina.



PANUNUBAYBAY NA MGA SERBISYO. Kung ang alinman sa resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang sanggol sa iyong sinapupunan ay may mas malaking pagkakataon ng isa sa mga genetiko na kondisyon o mga depekto sa kapanganakan, ito ay hindi palaging nangangahulugan na mayroon ito. Ang Programa ng PNS ay mag-aalok sa iyo ng mga panunubaybay na serbisyo sa isang Sentro ng Diyagnosis Bago Manganak (Prenatal Diagnosis Center) na aprubado ng estado, kung saan makakausap mo muna ang isang genetiko na tagapayo at bibigyan ka ng isang detalyadong pagsusuri sa ultrasound ng iyong sanggol. Pagkatapos, magpapasya ka kung gusto mo ng diyagnostikong pagsusuri para malaman kung ang iyong sanggol ay may genetiko na kondisyon o depekto sa kapanganakan.

Kabilang sa mga panunubaybay na serbisyo ang:

- Genetiko na pagpapayo
- Pagsusuri sa ultrasound
- Diyagnostikong pagsusuri: chorionic villus sampling o amniocentesis



Kung kukuha ka ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening) sa pamamagitan ng Programa ng PNS, ang mga panunubaybay na serbisyo ay magagamit mo nang walang karagdagang gastos.

Tandaan: Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis ay maaaring makipag-usap sa iyo tungkol sa pagkuha ng **diyagnosis sa pagbubuntis** (prenatal diagnosis) sa halip na pagsusuri bago manganak. Kung hindi, maaari mo silang tanungin kung ang diyagnosis sa pagbubuntis (prenatal diagnosis) ay inirerekomenda para sa iyo.

III. Pagsusuri Bago Manganak at mga Resulta

Ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening)

Sa panahon ng iyong pagbubuntis, bibigyan ka ng isa o dalawang pagsusuri bilang bahagi ng Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening o PNS Program). Ang bawat pagsusuri ay nangangailangan sa iyo na magbigay ng sample ng dugo. Ang bawat pagsusuri bago manganak (prenatal screening) ay tinatantya ang mga posibilidad ng ilang genetiko na kondisyon o mga depekto sa kapanganakan. Nasa ibaba ang mga detalye tungkol sa dalawang uri ng pagsusuri.

Pagsusuri	Ano ang sinusuri nito	Kailan kailangang kumuha nito
DNA na walang cell (cfDNA)	Genetiko na mga kondisyon: <ul style="list-style-type: none"> • Trisomy 21 (Down syndrome) • Trisomy 18 (Edwards syndrome) • Trisomy 13 (Patau syndrome) • Turner syndrome • Klinefelter syndrome (XXY) • Trisomy X • XYY 	Mula sa 10 linggo hanggang sa unang araw ng 21 linggo ng pagbubuntis. Maaaring gawin ang cfDNA screening pagkatapos ng 21 linggo ngunit mas limitado ang mga follow-up na serbisyo. Ang mga resulta ay malalaman sa loob ng 10-14 na araw.
Materyal na serum alpha-fetoprotein (MSAFP)	Mga depekto sa neural tube <ul style="list-style-type: none"> • Bukas na spina bifida (pagbubukas sa gulugod) • Anencephaly (nawawalang bahagi ng utak o bungo) 	Mula sa 15 linggo hanggang sa unang araw ng 21 linggo ng pagbubuntis. Ang mga resulta ay malalaman sa loob ng 7-10 na araw.

Ang paguunawa ng mga resulta ng pagsusuri bago manganak (Prenatal Screening)

Ang iyong mga resulta ng pagsusuri ay partikular sa iyo at sa iyong kasalukuyang pagbubuntis. Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga ay makipag-usap sa iyo tungkol sa mga resulta ng iyong pagsusuri.

Uri ng resulta	Ano ang ibig sabihin nito	Ano ang susunod na mangyayari	Ano pa ang dapat malaman
Walang tumaas na posibilidad ng mga kondisyong genetiko o mga depekto sa kapanganakan (pinakakaraniwang resulta)	Ang mga pagkakataon ng sanggol sa sinapupunan na magkaroon ng alinman sa mga na-screen na na mga kondisyong genetiko o mga depekto sa kapanganakan ay mababa, ngunit hindi zero	Ang Programa ng PNS ay hindi nag-aalok ng follow-up na pagsubok o mga serbisyo para sa resultang ito	Hindi ginagarantiyahan ng resultang ito na walang mga depekto sa kapanganakan. Walang prenatal screening ang makaka-detect ng 100% ng mga kondisyong genetiko o mga depekto sa kapanganakan
May mataas na posibilidad ng mga kondisyong genetiko o mga depekto sa kapanganakan	Ang mga pagkakataon ng fetus na magkaroon ng alinman sa mga na-screen na na mga kondisyong genetiko o mga depekto sa kapanganakan ay ang mga depekto ng kapanganakan ay mas mataas kaysa karaniwan	Ang Programa ng PNS ay nag-aalok ng follow-up na pagsusuri o mga serbisyo para sa resultang ito	Ang resultang ito ay hindi palaging nangangahulugan na ang fetus ay may depekto sa kapanganakan. Makakatulong ang pagsusuri sa diagnostic na malaman kung mayroong isang depekto sa kapanganakan
"Walang resulta"	Minsan walang sapat na genetiko na materyal sa iyong dugo, o ang dugo ay kinuha nang maaga o huli na sa pagbubuntis, upang makakuha ng malinaw na resulta ng pagsusuri	Ipapaalam ng iyong tagapagkaloob kung bakit mayroon kang resultang "walang resulta" at sasabihin sa iyo kung maaaring ulitin ang pagsusuri	Mayroong ilang iba't ibang dahilan kung bakit walang mga resulta, kaya ang iyong tagapagkaloob ang magiging gabay mo
"Hindi tiyak na resulta"	Ang isang "walang tiyak na resulta" sa halip na "walang resulta" ay terminolohiya na ginagamit para sa X at Y chromosome variation	Ang Programa ng PNS ay nag-aalok ng follow-up na pagsubok o mga serbisyo para sa resultang ito	Mayroong ilang iba't ibang dahilan kung bakit walang mga resulta, kaya ang iyong tagapagkaloob ang magiging gabay mo

IV. Pahintulot at Impormasyon sa Pagtanggap

Ito ay iyong desisyon kung gusto mo ang prenatal screening na inaalok ng California Prenatal Screening (PNS) Program. Susuriin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa prenatal ang proseso ng pagsusuri sa prenatal at sasagutin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka upang madama mong handa kang gawin ang iyong desisyon. Ibibigay sa iyo ng iyong tagapagkaloob ang mga form ng **pahintulot o pagtanggap** na lagdaan.

Kung magpasya kang magkaroon ng isa o parehong pagsusuri na inaalok ng Programa ng PNS, pipirmahan mo at lalagyan ng petsa ang isang hiwalay na form ng pahintulot para sa bawat isa sa dalawang pagsusuri. Kung magpasya kang hindi magkaroon ng isa o parehong pagsusuri na inaalok ng Programa ng PNS, pipirmahan mo at lalagyan ng petsa ang isang hiwalay na form ng pahintulot para sa bawat isa sa dalawang pagsusuri.

Kung magpasya kang hindi magkaroon ng isa o parehong pagsusuri, at hindi ka binibigyan ng iyong tagapagkaloob ng mga form ng pagtanggap para lagdaan, mangyaring hilingin na gawin nila ito. Ang mga form ay makukuha sa [website ng PNS Program](https://bit.ly/PNS4Providers) (<https://bit.ly/PNS4Providers>). Dapat ilagay ng iyong tagapagkaloob ang iyong pinirmahang form o mga form ng pagtanggap sa iyong medikal na rekord.

Narito ang isang **mabilis na buod ng mga pangunahing punto** na dapat tandaan habang isinasaalang-alang mo ang iyong panghuling desisyon kung gusto mo ang isa o parehong pagsusuri na iniaalok ng Programa ng PNS.

1. Ang Programang PNS ay nag-aalok ng prenatal screening upang matukoy ang mga kondisyong genetiko at mga depekto sa panganganak: trisomy 21 o Down syndrome, trisomy 18, trisomy 13, Turner syndrome, Klinefelter syndrome, Trisomy X, at XYY (sa pamamagitan ng cell-free DNA o cfDNA screening), at mga depekto sa neural tube (sa pamamagitan ng maternal serum alpha-fetoprotein o MSAFP screening). Ang Programang PNS ay hindi nagsusuri ng mga genetiko na kondisyon o mga depekto ng kapanganakan maliban sa mga ito: Maaari itong magsuri para sa higit pa sa hinaharap. Ang pagsusuri ay hindi 100% tumpak sa paghahanap ng mga kondisyong genetiko at mga depekto ng kapanganakan.
2. Mayroong magkahiwalay na bayad sa programa para sa bawat isa sa dalawang pagsusuri, cfDNA screening at MSAFP screening. Dapat sakupin ng Medi-Cal at pribadong seguro ang lahat ng mga bayarin sa programa, na may ilang mga eksepsiyon lamang para sa mga nagpapatrabahong nakaseguro sa sarili at mga planong pangkalusugan sa labas ng estado. Kung wala kang Medi-Cal o seguro sa kalusugan, o hindi sakop ang mga bayarin, dapat kang magbigay ng buong bayad.
3. Kung ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng mas mataas na pagkakataon ng isang kondisyong genetiko o depekto ng kapanganakan, maaari kang makipag-usap sa iyong tagapagkaloob at magpasya kung gusto mo ng mga panunubaybay na serbisyo. Kasama sa mga panunubaybay na serbisyon ito ang pagpapayo sa genetiko, pagsusuri sa ultrasound, at diyagnostikong pagsusuri, chorionic villus sampling (CVS) man o amniocentesis. Posibleng magkaroon ng normal na mga resulta pagkatapos ng pagsusuring diyagnostiko.
4. Kung ang iyong provider ay humiling ng karagdagang genetiko na pagsusuri o pagsubok sa labas ng PNS Program, hiwalay na mga form at bayad ang kakailanganin. Hindi hahawakan ng PNS Program ang pagsingil. Ang mga panunubaybay na serbisyo ay hindi magagamit sa pamamagitan ng PNS Program para sa karagdagang pagsusuri o pagsubok.

V. Pagsingil at Pagbabayad para sa Pagsusuri (Screening)

Simula 2024, ang mga bayarin sa programa para sa dalawang magkaibang pagsusuri na ibinigay ng Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening o PNS) ay ang mga sumusunod:



- \$344 para sa cell-free DNA (cfDNA) screening
- \$85 para sa maternal serum alpha-fetoprotein (MSAFP) screening

Ang mga bayarin ay sumasaklaw sa 1) ang halaga ng pagsusuri, at 2) mga panunubaybay na serbisyo sa isang inaprubahan ng estado na Prenatal Diagnosis Center kung mayroong resulta ng pagsusuri na nagpapakita ng mas mataas na pagkakataon ng depekto sa kapanganakan. Dapat sakupin ng Medi-Cal at pribadong seguro ang lahat ng mga bayarin sa programa, na may ilang mga eksepsiyon lamang para sa mga may sariling seguro na mga taga-empleyo at mga planong pangkalusugan sa labas ng estado.

Dapat mong ibigay ang iyong numero ng Medi-Cal o impormasyon ng seguro sa oras ng iyong pagsusuri bago manganak (prenatal screening). Ang Programang PNS ay magpapadala sa iyo ng isang bayarin at isang form ng impormasyon ng seguro upang kumpletuhin at ibalik kung ang iyong Medi-Cal o impormasyon ng seguro ay hindi ibinigay kapag ang mga pagsusuri ay iniutos. Ang Programang PNS ay hindi kasangkot sa pagsingil ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening) o pagsubok sa labas ng PNS Program. **Tandaan ang sumusunod:**

- Ang bayad sa Programang PNS ay hindi sumasaklaw sa mga singil sa pagkuha ng dugo.
- Ang Programang PNS ay magbabayad para sa mga panunubaybay na serbisyo sa isang inaprubahan ng estado na Prenatal Diagnosis Center lamang kung ang pagsusuri bago manganak (prenatal screening) na ibinigay sa pamamagitan ng Programang PNS ay nakahanap ng mas mataas na pagkakataon ng depekto sa kapanganakan sa iyong fetus.
- Ang Programang PNS ay hindi nagbabayad para sa anumang iba pang serbisyong medikal pagkatapos ng pagsusuring dyagnostiko.

VI. Karagdagang Impormasyon

Kung susuportahan ang pananaliksik ay iyong decision

Kung nakatira ka sa ilang mga county na nakikilahok sa pagsubaybay sa mga depekto sa kapanganakan, pagkatapos mong makuha ang iyong dugo para sa iyong pagsusuri ng MSAFP, ang sample ng dugo na iyon ay iniimbak at maaaring gamitin sa pananaliksik upang maiwasan ang mga depekto ng kapanganakan. Ang sample ng dugo ay dapat panatilihin kumpidensyal nang walang anumang personal na impormasyong pagkakakilanlan at maaaring ilabas upang matulungan ang mga aprubadong mananaliksik na pag-aralan ang mga sanhi ng mga depekto sa kapanganakan at iba pang mga problema sa kalusugan ng bata.

Maaari kang humiling na ang iyong sample ng dugo ay **hindi** gamitin para sa pagsasaliksik kapag ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis ay nag-utos ng pagsusuri sa MSAFP. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong tagapagkaloob na i-tsek ang kinakailangang kahon kapag nag-order ng pagsusuri (screening). Kung sasagot ka ng "hindi" sa paggamit ng iyong sample ng dugo para sa pagsasaliksik, sisirain ang sample pagkatapos makumpleto ang iyong resulta ng pagsusuri at maiulat sa iyong tagapagkaloob. Ang pagtanggap sa pananaliksik ay hindi makakaapekto sa iyong pangangalaga sa kalusugan o mga resulta ng pagsusuri sa anumang paraan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [PNS Program Supporting Research web page](https://bit.ly/PNSResearch) (<https://bit.ly/PNSResearch>).



Ang Programa ng California sa Pagsusuri ng Bagong Panganak (Newborn Screening)

Ang Programa ng California sa Pagsusuri ng Bagong Panganak (Newborn Screening o NBS Program) ay regular na sinusuri ang lahat ng bagong panganak para sa higit sa 80 malubha ngunit magagamot na genetic na sakit. Ang lahat ng bagong panganak ay dapat magkaroon ng dugo na kinolekta ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan mula 12 hanggang 48 oras pagkatapos ng kapanganakan gamit ang kaunting dugo na kinuha mula sa sakong ng sanggol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri ng bagong panganak (newborn screening), magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o bumusita sa [California NBS Program web page](http://www.cdph.ca.gov/NBS) (<http://www.cdph.ca.gov/NBS>).



Ang kapaligiran ay maaaring makaapekto sa iyong kalusugan

Tayo ay nalalantad sa mga kemikal at iba pang mga sangkap sa pang-araw-araw na buhay na maaaring makaapekto sa pagbuo ng sanggol sa sinapupunan. Sa kabutihang palad, may mga hakbang na maaaring mong gawin upang mabawasan ang iyong pagkakalantad sa mga potensyal na nakakapinsalang sangkap na ito sa bahay, sa lugar ng trabaho, at sa kapaligiran. Maraming taga-California ang walang kamalayan na ang ilang pang-araw-araw na produkto ng mamimili ay maaaring magdulot ng potensyal na pinsala. Ang mga umaasang maging mga magulang ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor at hinihikayat na magbasa pa tungkol sa paksang ito upang malaman ang tungkol sa mga simpleng aksyon upang maisulong ang isang malusog na pagbubuntis.



Sa Unibersidad ng California, San Francisco, ang Programa sa Kalusugan ng Reproductibo at Kapaligiran (Reproductive Health, and the Environment ay gumagawa ng [All That Matters na mga brochure](https://prhe.ucsf.edu/info) (<https://prhe.ucsf.edu/info>). Ang mga ito ay hindi teknikal, nakasentro sa pasyente na mga gabay na nagbibigay ng mga tip at mungkahi para sa pag-iwas sa nakakalason na pagkakalantad ng kemikal sa bahay, sa lugar ng trabaho, at sa komunidad. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [PNS Program Reproductive Health web page](https://bit.ly/R-Health) (<https://bit.ly/R-Health>)).

Kung kolektahin man o hindi ang dugo ng kurdon ay iyong decision

Habang papalapit ang petsa ng panganganak, maaaring isaalang-alang ng mga umaasang maging magulang ang opsyon na kolektahin ang dugo ng kurdon ng sanggol. Ang ibig sabihin ng cord blood banking ay pagkolekta ng mga stem cell na potensyal na nagliligtas ng buhay mula sa pusod at iniimbak ang mga ito para magamit sa hinaharap.



Parehong pribado at pampublikong cord blood bank ay mayroon sa California. Ang mga magulang na interesado sa pag-ipon ng dugo ng kurdon ng kanilang sanggol ay dapat makipag-usap sa kanilang tagapagkaloob ng pangangalaga sa manganganak sa ika-34 na linggo ng pagbubuntis, o mas maaga. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [California PNS Program Cord Blood Banking web page](https://bit.ly/Cord-B) (<https://bit.ly/Cord-B>). Para sa karagdagang impormasyon sa pampubliko at pribadong cord blood banking, bisitahin o tawagan ang:

- [National Cord Blood Program](https://www.nationalcordblood.org): 866-767-6227
- [National Marrow Donor Program](https://www.nationalmarrow.org): 800-627-7692

Pagsisiyasat (Survey) sa Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan sa Kasarian

Bilang isang programa ng estado sa proyektong pangongolekta ng datos, ang Programang PNS ay dapat humingi ng impormasyon sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan sa kasarian ng mga kalahok ng programa.

Ang impormasyong ito ay kinokolekta sa isang [Survey sa Sexual Orientation Gender Identity \(SOGI\)](https://forms.office.com/g/LRUWGVE7Xx) (<https://forms.office.com/g/LRUWGVE7Xx>). Hindi mo kailangang kumpletuhin ang form ng survey ng SOGI. Kung pipiliin mong hindi ibigay ang impormasyong ito, hindi ito makakaapekto sa iyong paglahok sa Programang PNS. Kung pipiliin mong ibigay ang impormasyong ito, hindi ito masusubaybayan sa iyo o sa iyong mga resulta ng pagsusuri bago manganak (prenatal screening). Maaaring kumpletuhin ng mga buntis na indibidwal ang isang bagong form sa tuwing sila ay magbubuntis.



VII. Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagiging Pribado

Ang Programa sa Pagsusuri ng Sakit sa Genetiko (Genetic Disease Screening Program o GDSP) ay tinukoy bilang isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Ang HIPAA ay isang pederal na batas na lumikha ng mga panuntunan upang protektahan ang sensitibong impormasyon sa kalusugan ng pasyente mula sa pagsisiwalat nang walang pahintulot o kaalaman ng isang pasyente. Ang GDSP ay saklaw sa ilalim ng HIPAA at kinakailangang ipamahagi at sumunod sa Paunawa ng Kasanayan sa Privacy na ito.

Ang California Prenatal Screening (PNS) Program ay nasa ilalim ng GDSP bilang bahagi ng California Department of Public Health (CDPH) Ang pangongolekta at pagpapalitan ng personal na impormasyong pangkalusugan sa pagitan ng mga sakop na provider para sa layunin ng paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan kasama ang GDSP at ang mga ahente nito kaugnay ng PNS Program ay pinahihintulutan ng HIPAA at iniaatas ng batas ng estado nang walang espesyal na awtorisasyon o mga kasunduan sa kasosyo sa negosyo. Inilalarawan ng paunawa na ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang personal at medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito. Mangyaring suriin ito nang mabuti.

Mga Legal na Tungkulin ng Kagawaran

Ang GDSP at mga kasosyo sa negosyo na nagbibigay ng mga serbisyo sa GDSP ay inatasan ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng protektadong impormasyon sa kalusugan. Ang mga batas ng pederal at estado ay naghigpit sa paggamit, pagpapanatili, at pagsisiwalat ng personal na impormasyong nakuha ng isang ahensya ng estado at nangangailangan ng ilang partikular na abiso sa mga indibidwal na ang impormasyon ay pinananatili. Inatasan din kami ng batas na ipaalam kaagad sa iyo kung may naganap na paglabag na maaaring nakompromiso ang privacy o seguridad ng iyong impormasyon.

Kabilang sa mga batas ng estado ang California Information Practices Act (Civil Code 1798 et seq.), Government Code Section 11015.5, at Health and Safety Code Section 124980. Ang pederal na batas ay ang Health Insurance Portability and Accountability Act ng 1996 (HIPAA), 42 USC 1320d-2(a)(2), at ang mga regulasyon nito sa Title 45 ng Codigo ng mga Regulasyong Pederal (Federal Regulations) Seksyon 160.100, et seq.

Bilang pagsunod sa mga batas na ito, ikaw at ang mga nagbibigay ng impormasyon ay aabisuhan tungkol sa mga sumusunod: Kinokolekta at ginagamit ng GDSP ang personal at medikal na impormasyon gaya ng pinahihintulutan sa ilalim ng Health and Safety Code Sections 124977, 124980, 125050, at 125055, at ayon sa mga pamamaraan sa mga regulasyon ng Estado (17 CCR §§ 6527, 6531 at 6532). Ang impormasyong kinokolekta ng GDSP ay ginagamit upang tantyihin ang panganib ng malubhang depekto sa kapanganakan o kondisyong genetic sa pagbubuntis at magbigay ng pagsusuring diyagnostiko para sa mga buntis na indibidwal.

Kung hindi mabigay ang personal na impormasyon, maaaring magresulta ang mga problema gaya ng pagkabigo na matukoy ang isang apektadong sanggol sa sinapupunan, maling pag-uulat ng mas mataas na panganib na maaaring magdulot ng karagdang hindi kailangan at nagsasalakay na pagsusuri, o ang kawalan ng kakayahang masingil nang maayos ang mga indibidwal para sa mga serbisyong ibinigay. Ang impormasyong ito ay kinokolekta sa elektronikong paraan at kasama ang iyong pangalan, address, mga resulta ng pagsusuri, at ang pangangalagang medikal na ibinigay sa iyo.

Mga Paggamit at Pagbubunyag ng Impormasyong Pangkalusugan

Gumagamit ang GDSP ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa pagsusuri, para magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, para makakuha ng bayad para sa pagsusuri at mga layuning pang-administratibo, at para suriin ang kalidad ng pangangalaga na natatanggap mo. Ipinapakita ng mga halimbawa sa ibaba kung paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang impormasyong pangkalusugan para sa mga layuning ito.

Para sa pagpapagamot: Maaaring gamitin ng GDSP ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan upang matiyak na nagbibigay ito ng tamang pagsusuri at ipapadala ang mga resulta sa tamang tagapagbigay ng medikal.

Para sa pagbabayad: Maaaring gamitin at ibunyag ng GDSP ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan kaugnay ng mga pagbabayad para sa paggamot at mga serbisyong natanggap mo.

Para sa mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan: Maaaring gamitin at ibunyag ng GDSP ang protektadong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng pagpapatakbo, halimbawa upang suriin ang kalidad ng mga serbisyong natanggap mo.

Pinapayagan din ng batas ang GDSP na gumamit o magbigay ng impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo para sa mga sumusunod na dahilan: Para sa mga pag-aaral sa pananaliksik na naaprubahan ng isang lupon ng pagsusuri ng institusyonal at nakakatugon sa lahat ng mga kinakailangan sa batas sa privacy ng pederal at estado, tulad ng pananaliksik na nauugnay sa pag-iwas sa sakit.

Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pribasiya (ipinagpatuloy)

Para sa medikal na pananaliksik na walang pagkakakilanlan ng tao kung saan nakuha ang impormasyon, maliban kung partikular kang humiling sa pamamagitan ng sulat na huwag gamitin ang iyong impormasyon, sa pamamagitan ng pagsulat sa address na nakalista sa ibaba.

Sa mga organisasyon o kasosyo sa negosyo na tumutulong sa amin sa aming mga operasyon, gaya ng pagkolekta ng mga bayarin. Kung bibigyan namin sila ng impormasyon, sisiguraduhin naming pinoprotektahan nila ang pribasiya ng impormasyong ibinabahagi namin sa kanila ayon sa kinakailangan ng batas ng pederal at estado.

Para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan tulad ng pagtulong sa mga awtoridad sa pampublikong kalusugan o iba pang mga tao upang maiwasan o makontrol ang sakit o pinsala.

Para sa mga layuning pangkalusugan at kaligtasan upang maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.

Sa mga koroner kung ang impormasyon ay tungkol sa isang indibidwal na namatay.

Sa isang ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad sa pangangasiwa na pinahintulutan ng batas, tulad ng pagtukoy sa pagsunod sa mga pamantayan ng programa.

Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan tulad ng sa isang institusyon ng pagwawasto na may legal na pag-iingat ng isang indibidwal kung ang institusyon ng pagwawasto ay kumakatawan na ang naturang protektadong impormasyon sa kalusugan ay kinakailangan para sa pagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa indibidwal.

Sa sandatahang lakas kung ang indibidwal ay tauhan ng armadong pwersa o dayuhang tauhan ng militar para sa mga aktibidad na itinuturing na kinakailangan ng naaangkop na awtoridad sa utos ng militar.

Maaaring kailanganin ng GDSP na gamitin o ibunyag ang protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng pambansang seguridad sa mga awtorisadong opisyal ng pederal na magsagawa ng awtorisadong intelihensiya, kontra-intelihensiya, at iba pang aktibidad ng pambansang seguridad.

Sa Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao para sa layunin ng pagsisiyasat o pagtukoy sa pagsunod ng GDSP sa HIPAA Privacy Rule.

Nakasulat na Pahintulot ng GDSP

Ang GDSP ay dapat magkaroon ng iyong nakasulat na pahintulot na gumamit o magbigay ng personal at impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa anumang kadahilanan na hindi inilarawan sa abisong ito. Maaari mong bawiin ang iyong awtorisasyon anumang oras, maliban kung kumilos na ang GDSP dahil sa iyong pahintulot, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Division Chief, Genetic Disease Screening Program, 850 Marina Bay Parkway, F175, Richmond, CA 94804.

Inilalaan ng GDSP ang karapatan na baguhin ang mga tuntunin ng pabatid na ito at gawing epektibo ang mga probisyon ng bagong paunawa para sa lahat ng protektadong impormasyong pangkalusugan na pinapanatili nito.

Maaari kang humiling ng kopya ng kasalukuyang mga patakarán o kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy, sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa (866) 718-7915 [TDD (800) 735-2929], sa pag-email sa amin sa PNS@cdph.ca.gov o pagkonsulta ng [web page ng PNS Program](http://www.cdph.ca.gov/PNS) (www.cdph.ca.gov/PNS). Maaari ka ring humiling ng papel na kopya ng Abisong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Division Chief sa address sa itaas. Ang abisong ito ay matatagpuan din sa [PNS Notice of Privacy Practices web page](https://www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DGDS/Pages/pns/pnsnpp.aspx) sa (<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DGDS/Pages/pns/pnsnpp.aspx>).

Mga Karapatan ng Indibidwal at Pag-access sa Impormasyon

May karapatan kang tumingin o tumanggap ng kopya ng iyong impormasyon sa kalusugan. Kung humiling ka ng mga kopya, maaari ka naming singilin ng \$0.10 (10 sentimos) para sa bawat pahina. May karapatan ka ring makatanggap ng listahan ng mga pagkakataon kung saan isiniwalat namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga kadahilanan maliban sa pagsusuri, pagbabayad, o mga kaugnay na layuning pang-administratibo.

Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pribasiya (ipinagpatuloy)

Kung naniniwala kang mali ang impormasyon sa iyong tala o kung nawawala ang mahalagang impormasyon, may karapatan kang hilingin na itama namin ang umiiral na impormasyon o idagdag ang nawawalang impormasyon. May karapatan kang hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo nang kumpidensyal sa ibang address, post office box, o numero ng telepono. Tatanggapin namin ang mga makatwirang kahilingan.

Maaari kang humiling sa pamamagitan ng sulat na paghigpitan namin ang pagsisiwalat ng iyong impormasyon para sa paggamot sa pangangalagang pangkalusugan, pagbabayad, at mga layuning pang-administratibo; gayunpaman, maaaring hindi namin masunod ang lahat ng kahilingan. Kung magbabayad ka nang buo para sa mga pamamaraang pangkalusugan na karaniwang sisingilin sa isang planong pangkalusugan, dapat kaming sumang-ayon sa kahilingan na huwag ibahagi sa iyong planong pangkalusugan ang alinman sa iyong impormasyon dahil ito ay nauukol sa pamamaraan na iyong binayaran.

PAALALA: Ang GDSP ay walang kumpletong kopya ng iyong mga medikal na rekord. Kung gusto mong tingnan, kumuha ng kopya ng, o baguhin ang iyong mga medikal na rekord, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor, tagapagkaloob ng pangangalaga, o planong pangkalusugan.

Mga Reklamo

Kung naniniwala ka na hindi namin pinoprotektahan ang iyong pribasiya o nilabag ang alinman sa iyong mga karapatan at gustong magsampa ng reklamo, mangyaring tawagan o sulatan ang: CDPH Privacy Officer, Opisina ng Serbisyong Legal (Office of Legal Services), PO Box 997377, MS 0506, Sacramento, CA 95899-7377, (877) 421-9634; privacy@cdph.ca.gov.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos, Atensyon: Regional Manager, Office for Civil Rights sa 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, telepono (800) 368-1019, o (800) 537-7697 TDD toll-free; ocrmail@hhs.gov o sa US Office of Civil Rights sa 866-OCR-PRIV (866-627-7748) o 866-788-4989 TTY.

WALANG PAGHIHIGANTI: Hindi aalisin ng GDSP ang iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan o anumang iba pang mga protektadong karapatan sa anumang paraan kung pipiliin mong magsampa ng reklamo o gamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado sa Abisong ito.

WALANG DISKRIMINASYON: Ang GDSP ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan.

Kaugnayan sa Kagawaran

Ang impormasyon sa Abisong ito ay pinapanatili ng GDSP. Maaaring maabot ang Division Chief ng Genetic Disease Screening Program sa: 850 Marina Bay Parkway, F175, Richmond, California, 94804, (866) 718-7915. Ang Punong Dibisyon ay may pananagutan para sa sistema ng mga talaan at dapat, kapag hiniling, ipaalam sa iyo ang tungkol sa lokasyon ng iyong mga talaan at tutugon sa anumang mga kahilingan na maaaring mayroon ka tungkol sa impormasyon sa mga talaan na iyon.

Batas ng Mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act)

Paunawa ng Impormasyon at Patakaran sa Access sa Pahayag na Walang Diskriminasyon sa Batayan sa Pahayag ng Kapansanan at Pantay na Pagkakataon sa Trabaho (Notice of Information and Access Statement Policy of Nondiscrimination on the Base of Disability and Equal Employment Opportunity Statement). Sumusunod ang CDPH sa lahat ng batas ng estado at pederal, na nagbabawal sa diskriminasyon sa trabaho at nagbibigay ng pagpasok at pag-access sa mga programa o aktibidad nito.

Ang Deputy Director, Opisina ng Karapatang Sibil (Office of Civil Rights o OCR), ng CDPH ay itinalaga upang i-coordinate at isakatuparan ang pagsunod ng departamento sa mga iniaatas na walang diskriminasyon. Ang Title II ng Batas ng Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act o ADA) ay tumutugon sa walang diskriminasyon at mga isyu sa pag-access tungkol sa mga kapansanan. Upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Mga Patakaran sa EEO ng CDPH o sa mga probisyon ng ADA at sa mga karapatang ibinigay, maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagsunod (Office of Compliance) ng CDPH, Yunit ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Unit), sa PO Box 997377, MS 0504, Sacramento, CA 95899-7377 o (916) 445-0938.

Kapag hiniling, ang dokumentong ito ay maaaring makuha sa Braille, mataas na contrast, malaking print, o electronic na format. Upang makakuha ng kopya sa isa sa mga kahaliling format na ito, tumawag o sumulat: Chief, California Prenatal Screening Program, 850 Marina Bay Pkwy, F 175, Mail Stop 8200, Richmond, CA 94804; Telepono: (866) 718-7915. [Ang notice na ito ay online](https://www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DGDS/Pages/pns/pnsnpp.aspx) (<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DGDS/Pages/pns/pnsnpp.aspx>).

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko



**Kagawaran ng Pampublikong
Kalusugan ng California
(California Department of Public Health)
Programa ng Pagsusuri Bago Manganak
(Prenatal Screening Program)**

www.cdph.ca.gov/PNS

California Department of Public Health
Genetic Disease Screening Program
Prenatal Screening Program
850 Marina Bay Parkway, F175
Richmond, CA 94804
pns@cdph.ca.gov
866-718-7915

2024